Diskurso ng Siyensiya: Kolonyal na Diskurso sa mga Sakuna Mula sa Panahon ng Instrumentasyon Tungo sa Panahon ng mga Amerikano

Alvin Jason A. Camba

Tatalakayin ng papel na ito ang mga nakaraang naratibo sa mga sakuna na dulot ng kalikasan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga diskurso ng siyensiya. Titingnan din kung papaano naisasainstitusyon ang mga sakunang ito sa Filipinas noong panahon ng mga Amerikano. Pagkaraan, susuriin kung paano binigyang kahulugan ng pamahalaan ang mga ito. Nakatanim sa mga diskursong ito ang mga naratibo ng mga sakuna na dulot ng kalikasan–kung ano ang gagawin kapag may sakuna, kung bakit nangyayari ang mga ito, at kung sino ang dapat sisihin kaugnay nito. Mas madaling mauunawaan ang mga sakuna kung susuriin ang mga diskurso dahil binibigyan nito ng kahulugan ang mga salik pangkasaysayan at ang paraan kung paanong ang mga kahulugang ito ay naisasalin sa katotohanan.

Ayon kay Michel Foucault (1972), ang diskurso ay (1) tumutukoy sa porma ng komunikasyon na naisasabuhay na pamamaraan ng pag-iisip o isang "institusyonalisadong pamamaraan ng pag-iisip na maaaring lumitaw sa wika;" (2) tuwirang maiuugnay sa kapangyarihan dahil ang mga lumilikha ng diskurso ay siya ring kumokontrol ng mga kahulugan nito; at (3) nagbabago sa pagkilala at pagsasalehitimo ng mga kontra-diskursibong elemento ayon sa konteksto.[1]

Susuriin lamang ng papel na ito ang Panahon ng mga Amerikano mula 1899 hanggang 1935 o noong Panahon ng Komonwelt. Iikot ang pagtalakay sa tatlong sakunang pangkalikasan–bagyo, lindol, at pagputok ng bulkan–dahil sa sakop, bisa, at dalas ng mga ito.